BookTrust
Inspire a love of reading

# Pagbabasa kasama ng inyong Anak

4-6 na taong gulang



booktrust.org.uk

# Pagbabasa kasama ng inyong Anak

Ang pagbabasa kasama ng inyong anak ay nangangahulugan ng pagbabahagi ng mga aklat, kuwento, berso o anumang iba pang babasahin.

Maaari kayong:

- Magkasamang magbasa ng mga aklat.
- Magbahagi ng mga kuwento sa isa't isa.
- Mag-usap tungkol sa mga bagay na nabasa ninyo.
- Mag-usap tungkol sa mga larawan sa mga aklat.
- Magbahagi ng mga kuwento kahit na wala kayong aklat sa inyong harapan. Bakit hindi muling isalaysay ang inyong mga paboritong kuwento?



# Bakit kailangang magbasa?

**Masaya ang pagbabahagi ng mga aklat at kuwento sa inyong anak!**

Isa itong magandang paraan upang bumuo ng mga espesyal na alaala at sandali kasama ng inyong anak, at madali itong magiging paboritong bahagi sa isang araw.

Ito ay nakakatulong din sa mga bata upang:

- Maunawaan ang mundong nakapalibot sa kanila.
- Mahasa ang mga panlipunan at emosyonal na kasanayan.
- Mapabuti ang Ingles, agham, matematika at iba pang mga paksa sa paaralan.
- Mataguyod ang pagtitiwala sa sarili sa pakikipag-ugnayan.
- Patibayan ang kanilang relasyon sa inyo at sa iba pangmiyembro ng pamilya.



# Ano ang dapat naming basahin?

**Maari ninyong basahin ang kahit ano.**

Subukan ang isang hanay ng mga aklat na may larawan, komiks, tula at mga berso.

Maaari ninyong basahin nang paulit-ulit ang iisang aklat. Ang mga pamilyar na aklat ay nakakaaliw at nakakapagtaguyod ng pagtitiwala sa sarili.

Maaari kayong pumili ng mga bagong aklat. Pumili ng aklat na pareho kayong masisiyahan.

Ang mga aklat ay hindi kinakailangang punung-puno ng mga salita.

Ang mga aklat na may larawan ay tamang-tama para sa pagbabahagi at pakikipag-usap sa inyong anak. Maaari ninyong gamitin ang mga larawan upang galugarin ang mga kuwento at matulungan ang inyong anak na maunawaan ang mga aklat na mas mahirap maunawaan.

- Humanap sa inyong lokal na aklatan at tingnan kung ano ang gusto ng inyong anak.
- Hilingin sa mga guro, librarian o ibang mga magulang na magrekomenda ng mga aklat.
- Bisitahin ang bookfinder (tagahanap ng aklat) sa website ng Book Trust para makakuha ng ilang ideya: **booktrust.org.uk/bookfinder**
- Maaari din kayong maghanap ng mga app ng pagkukuwento at kuwento sa mga tablet at kompyuter. Siguraduhin lamang na samahan ang inyong anak at natutuwa kayo sa pagbabahagi ng mga kuwento sa kanila.





# Kailan kami dapat magbasa?

**Magbahagi ng mga kuwento tuwing may oras kayo.**

Ang pagbabasa ng 10 minuto lamang bawat araw kasama ang inyong anak ay nagdudulot ng malaking kaibahan.

- Magdala ng mga aklat nang sa gayon palagi kayong may maibabahaging kuwento. Maaari kayong magbasa sa loob ng tren o bus, o kahit na kung kayo ay naghihintay sa pila.
- Kapag nasa labas kayo, maggugol ng panahon upang pansinin kung ano ang nagyayari sa inyong paligid. Gumawa ng mga kuwento para sa inyong anak tungkol sa inyong mga nakita.
- Ang oras ng pagtulog ay ang pinakamagandang panahon upang magkasamang magbasa. Nakakatulong ito sa pagtataguyod ng regular na gawain at dahil dito ay maaaring pananabikan ng bata ang oras ng pagtulog. Ito ay isang espesyal na panahon para sa magulang at anak.



# Paano?

**Humanap ng lugar na tahimik at walang mga gambala.**

Patayin ang mga telebisyon, radyo, kompyuter at tablet. Maglaan ng panahon upang basahin ang bawat pahina. Hindi ninyo kailangang siguraduhin na tama ang pagbabasa ng inyong anak sa bawat salita. Ok lang magkamali kayong dalawa! Hayaan silang makipag-usap sa inyo tungkol sa mga larawan. Ito ay nakakatulong sa kanila upang humanap ng kahulugan at upang pag-isipan ang nakita nilang pangyayari sa pahina.

Huwag kalimutang ngumiti. Kung kumportable kayo, subukang magpakita ng mga nakakatawang mukha, gumawa ng mga tunog ng hayop at gayahin ang boses ng mga tauhan sa kuwento – palaging napapatawa ng mga ito ang mga bata!

**Magtanong kapag kayo ay magkasamang nagbabasa.** Halimbawa:

- Ano ang nakita mo sa pahinang ito?
- Ano sa palagay mo ang nararamdaman ng tauhan sa kuwento?
- Ano sa palagay mo ang susunod na mangyayari?

Kapag tapos na kayo sa pagbabasa, kausapin ang bata tungkol sa kanyang pakiramdam sa aklat:

- Ano ang nagustuhan nila?
- Ano ang hindi nila nagustuhan?
- Ano ang natatandaan nilang pangyayari?
- Sino ang paborito nilang tauhan sa kuwento? Bakit?
- Iugnay ang kuwento sa sarili nilang mga karanasan. Naaalala ba nila kung kailan sila gumawa ng kaparehong gawain?

**Ang pinakamahalaga, magsaya!**





# Paano kung hindi Ingles ang aking unang wika?

**Hindi kailangang mga Ingles na aklat lamang ang inyong babasahin.**

Ipagpatuloy ang pagbabahagi ng mga aklat, kuwento at berso sa inyong unang wika!

- Maaaring gumamit ang inyong anak ng mga salitang Ingles – maaari pa rin kayong tumugon o ulitin ang kanilang sinabi sa inyong sariling wika. Gusto ng mga bata ang tunog ng inyong boses at kayang-kaya nila ang dalawang wika.
- Ang pagbabahagi ng mga kuwento ay higit pa kaysa sa pag-aaral ng pagbabasa – tungkol ito sa pagiging malapit at paglalaan ng oras kasama ang isa't isa.






# Paano kung gumagamit ako ng tablet o kompyuter?

**Ganap na nakakaaliw ang mga digital na aklat at app ng kuwento!**

Kapag gumagamit kayo ng tablet o kompyuter sa pagbabasa, samahan ang inyong anak. Kausapin sila tungkol sa ginagawa nila, at tulungan sila sa paggamit ng aparato.

- Magandang ideya na ilagay ang inyong aparato sa 'Katayuan sa Eroplano'bago ibigay ito sa inyong anak upang maiwasan ang hindi inaasahang mga gastusin o paggamit ng internet.
- Magtanong ng parehong mga tanong tungkol sa kuwento gaya ng inyong gagawin sa nakalimbag na aklat.





# Sino?

**Maging isang huwaran sa pagbabasa!**

Kung nakikita ng bata na kayo ay nagbabasa, gugustuhin din nilang magbasa.

- Isama ang inyong pamilya sa inyong pagbabasa - pag-usapan ang inyong nabasa at kung ano ang nagustuhan ninyo sa kuwento.
- Hikayatin ang mga kaibigan at pamilya na maghahabagi ng mga aklat sa inyong anak. Kapag mas maraming tao ang nakikita ng inyong anak na nagbabasa, mas lalo silang matutuwang magbasa.



# Ano ang susunod?

Bisitahin ang **booktrust.org.uk** upang mas lalong matuklasan ang pambihirang bagay tungkol sa pagbabahagi ng mga kuwento, aklat at berso sa inyong anak.

Makikita ninyo ang:

- Mas marami pang paalala at tip.
- Mga pagrerekumenda at pagsusuri ng aklat.
- Mga interactive na laro.
- Mga kuwento na maaari ninyong pakinggan o sabayan sa pagbabasa.
- Impormasyon tungkol sa aming mga programa.

**Maligayang pagbabasa!**

